REBOLUSYUNARYONG PAHAYAGAN NG NUEVA ECIJA


# Lingkaw

Pinangangasiwaan ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid

ESPESYAL NA ISYU | BLNG 03 | AGOSTO 2020

# Pinakamataas na Pagdakila at Pagpupugay kay Nicomedez "Ka Dagohoy" Ortiz

## - mula sa Bagong Hukbong Bayan Nueva Ecija



Pinakamataas na pagdakila at pagpupugay ang iginagawad para kay Nicomedez "Ka Dagohoy" Ortiz para sa kanyang walang pag-iimbot at taos-pusong paglilingkod sa uring api at pinagsasamantalahan. Siya at ang dalawa niyang kasama ay walang awang pinaslang ng berdugong 84th IB ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police—Quezon bandang ala-sais ng gabi sa barangay ng San Alejandro, bayan ng Quezon, probinsya ng Nueva Ecija nitong ika 4 ng Agosto, taong kasalukuyan.

Bagaman at siya lamang kung tutuusin ang lehitimong target militar ay walang awa ring pinaslang ng mga berdugo sina Bernardino Liberato ng barangay Sto. Tomas Peria, Quezon at Merlita Ogalinola ng Brgy. San Vicente, Cabiao na pawang mga masang sibilyan lamang. Iginagawad ngayon ang pinakamataas na pagdakila at pagpupugay sa kanilang kadakilaan at kabayanihan.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mga kasaping organisasyon ng Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas at sanlaksang masa ng lalawigan ng Nueva Ecija at Rehiyong Gitnang Luzon ay nagdadalamhati sa kanyang pagkawala. Bagaman at tayo ay lubos na nalulungkot, nanghihinayang, napopoot at nagagalit dahil sa kanyang hindi napapanahong pagkawala - ating lubusang maigagawad ang pinakamataas at pinakadakilang pagkilala at pagpaparangal kay Ka Dagohoy sa pamamagitan ng ibayo pang masikhay, pursigido, buong-tapang at buong-puso na pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Kinakailangan nating damputin at ibayong higpitang tanganan ang armas niyang nabitiwan. Kinakailangan nating tumbasan at mas ikalulugod pa niyang ating malalampasan ang inilaan nyang dedikasyon, sakripisyo, pagtataguyod. pag-aambag at hindi matatawarang rebolusyunaryong pagyakap at pagtangan!

Kung mayroon mang pinatunayan ang walang-pusong pagpaslang sa kanya at kanyang mga kasamahan - iyon ay walang iba kungdi ang kadalisayan, katampukan at kawastuhan ng pagsusulong ng rebolusyunaryong armadong pakikibaka sa malawak na kanayunan. Bilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan, walang pagdadalawang-isip niyang sinuong ang mahirap na buhay ng pagrerebolusyon. Sa kabila ng mga krisis, kahirapan at mga kakulangan at kahinaan - si Ka Dagohoy ay nanindigan at ipinirmis ang sarili para sa

interes at kagalingan ng malawak na masa ng sambayanan. Sa mahigit dalawang dekada nyang pagiging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ay itinaguyod niya ang linya at programa ng Partido Komunista ng Pilipinas na syang mahigpit nyang tangan-tangan hanggang sa mga huling sandali ng kaniyang buhay!

Ang kaniyang pagkawala ay hinding-hindi mangangahulugan ng tagumpay para sa mga kaaway sa uring panginoong maylupa, malalaking burgesya komprador at mga burukrata kapitalista. Lalong hindi rin ito tagumpay para sa pasista, berdugo at mersenaryong AFP-PNP-CAFGU at sa buong reaksyunaryong estado. Dahil ang pagkamatay ni Ka Dagohoy ay magluluwal ng mas marami pang Ka Dagohoy na mga bagong silang na mga rebolusyunaryong hindi lamang yayanig sa pundasyon ng nabubulok na sistemang panlipunang mala-kolonyal at mala-pyudal kungdi ultimong dudurog at wawasak rito upang magtindig ng isang Sosyalistang lipunan sa pamamagitan ng armadong rebolusyon at paggamit ng rebolusyunaryong dahas!

Ang malawak na kapatagan ng lalawigan ng Nueva Ecija na kanilang pinagbuwalan ay hindi kailanman maipagkakait ng mga kaaway sa kilusang rebolusyunaryo. Dahil sa malawak na kapatagan na ito ay ibayong aalingawngaw ang rebolusyunaryong armadong paglaban ng mamamayan. Dito manggagaling ang pinakamaraming mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayang mapagpasyang mamumuno sa malawak na masa ng sambayanan sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, pagsusulong ng agraryong rebolusyon at pagpapalawak at pagpapalalim ng mga rebolusyunaryong baseng masa'ng muog na matibay ng rebolusyon! Mula sa pinakaliblib na bahagi ng kabundukan ng Sierra Madre at Caraballo hanggang sa malawak na kapatagan ng lalawigan aalingawngaw ang kanilang mga pangalan at magbubunsod ng rebolusyunaryong inspirasyon para sa lahat na ipagpatuloy at lahatang panig na paigtingin ang Digmang Bayan!

**Itransporma natin ang ating mga rebolusyunaryong galit at poot tungo sa ibayo at maigting pang rebolusyunaryong armadong paglaban!**

**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**
**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**
**Mabuhay ang Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas!**
**Ipagbunyi at Dakilain ang Rebolusyunaryong ala-ala nina Nicomedez "Ka Dagohoy" Ortiz; Bernardino Liberato at Merlita Ogalinola !**
**Mabuhay ang sambayanang api at lumalaban!**

**SUMAPI SA NEW PEOPLE'S ARMY!**

**NUEVA ECIJA**










# PINAKAMATAAS NA PAGDAKILA'T PAGPUPUGAY NICOMEDEZ "KA DAGOHOY" ORTIZ!




BAGONG HUKBONG BAYAN

NDF

**NUEVA ECIJA**

Pinakamataas na Pagdakila at Pagpupugay ang ipinababatid ng pamatnugutan ng Lingkaw - Rebolusyunaryong Pahayagan ng Nueva Ecija kay Nicomedez "Ka Dagohoy" Ortiz para sa kanyang walang pag-iimbot at hindi matatawarang paglilingkod sa sambayanang Pilipino. Ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mga kasaping organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines at malawak na masa sa lalawigan ng Nueva Ecija ay nagdadalamhati sa kanyang pagkawala. Sa pamamagitan ng patuloy na masumikhay, masaya at pursigidong pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan hanggang sa makamit ang proletaryong tagumpay natin maigagawad ang pinakamataas na porma ng ating pagdakila't pagkilala kay Ka Fidel at sa lahat ng martir at bayani ng rebolusyon. Ang kanyang alaala bilang isang huwarang Komunistang lider at dakilang rebolusyunaryo ay habambuhay na mananalaytay sa dugo ng lahat ng rebolusyunaryo!